cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

ANTAS NG KASANAYAN SA WASTONG PAGBABAYBAY SA KAPANGAN NATIONAL HIGH SCHOOL

[1]MC KINLEY P. AGTA; [1]SUZETTE B. SIADOR; [1]MA. ROCHELLE B. BALUYOT; [1]ALDRINE Y. BENIYAT; [1]MERLITA P. MANG-USAN

[1]Student, Graduate School, Baguio Central University

DOI: 10.47760/cognizance.2023.v03i12.020

ABSTRAK:

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay ang malaman at mabatid kung ano ang antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay sa Kapangan National High School. Ang sinabing pananaliksik ay sumailalim sa kwasi-eksperimental na pamamaraan at gumamit ng paglalarawang pagsisiyasat. Ang pananaliksik ay na ito ay isinagawa sa Kapangan National High School na may kabuuang bilang ng tagatugon na apatnapu (40) na mag-aaral mula sa nasabing paaralan at hinati sa dalawang pangkat – ang pangkat ng kontrol at pangkat ng eksperimental. Nagbigay ang mga mananaliksik ng *pretest* sa dalawang grupo at pagkatapos na magawa ang mga interbensyon sa pangkat ng eksperimental ay ibinigay ang *posttest* at pinagkumpara ang resulta. Ang antas ng kasanayan sa pagbabaybay ay napabuti sa mga pangkat ng kontrol at pangkat ng eksperimento. Gayunpaman, mapapansin malaking pagtaas ng kasanayan ng pangkat ng eksperimento. Batay sa naging resulta, iminumungkahi ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng mga laro, puzzle, malinaw na mga tuntunin sa pagbabaybay at pagsasanay upang makatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa pagbabaybay.

Keywords: pagbabaybay, kasanayan, pagsulat, wastong pagbabaybay, eksperimental

INTRODUCTION

Saligan ng Pag-aaral

Ang pagbabaybay ng mga salita ay isang pangunahing pangangailangan ng isang indibiwal upang maipahayag ang kanyang mensahe sa kinaukulan sa paraang pasulat. Sinasabing napakahalaga ito sapagkat dito tayo nagkaroon ng kaalaman na magsulat ng mga letra hanggang makabuo ng isang konsepto tungkol sa mga bagay na nais nating bigyan kahulugan. Sa pamamagitan nito nagkaroon tayo ng pag-unawa sa ating sinusulat at ito rin ang nagbibigay sa atin ng pagkakilanlan bilang isang tao saan man tayo magdako.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ayon kay Oliva, (2020), malaki ang naiambag ng pagbaybay sa buhay ng tao sapagkat sa pagbabaybay ay natuto tayong magbasa, magsulat ng mga letra at salita hanggang makabuo ng isang pangungusap. Subalit kahit palagiang ginagawa ang pagbaybay ng mga salita, sa panahon ngayon ay suliranin pa rin ang pagbabaybay kasama na ang pagpapantig at panghihiram ng mga salitang dayuhan. Di maikaila na isa ito sa problemang kinakaharap ng paaralan mapa-pribado at pampubliko.

Noong Taong 2001, naglabas ang komisyon sa wikang Filipino ng mga tuntunin sa tamang pagbabaybay ng mga salita sa Filipino at ito ay nakapaloob sa ortograpiya ng wikang Pambansa. Sinasabi dito na muling magkakaroon ng rebisyon sa alpabetong Filpino upang matugunan ang patuloy na debelopment o istandardisasyon ng Sistema ng pagsulat sa Filipino. Maaaring gamitin ang mga hiram na salita anuman ang varayti o tinatawag na karaniwang salita. Ngunit noong taong 2008, naglabas muli ang KWF ng gabay sa Ortograpiyang ng Wikang Filipino at itinakwil ang radikal na rebisyon noong 2001 at mas binigyang halaga ang status quo, bagaman ginawa ng opisyal ang ilang aspeto nito. Ang pagsulong ng estandardisasyon at modernisasyon ng ortgrapiyang Filipino ay sinasabing may malaking ambag sa pagkamit ng layunin at mithiin sa pang-edukasyon. Tugon dito ang inilabas ng Komisyon ng Wikang Filipino ang Manwal sa Masinop na Pagsusulat noong 2014.

Layunin ng naturang ortograpiya na mailahok ang mahahalagang kaakuhan ng mga katutubong wika tungo sa estandardisadong ortograpiyang Filipino na maaaring gamitin sa lahat ng wika sa Pilipinas (Almario, 2014). Bunga ng maraming usapin at pagbabago, at sa patuloy na pagyabong at pag-unlad ng teknolohiya labis na naaapektuhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa pagsulat, pagbabaybay at pagpapantig ng mga hiram na salita. Pinaiikli at binabawasan ang mga letra at minsa'y pinapalitan ang mga salita ng mga numero na nagiging dahilan ng paghina ng kapasidad ng mga mag-aaral.

Ang suliranin ng pagbabaybay ng mga salita sa wikang Filipino ay hindi na bago sapagkat karamihan sa mga mag-aaral ngayon ay lubos na nahuhumaling sa ibang wika. Ang pagiging kolonisadong pag-iisip ng mga mag-aaral ay siyang dahilan rin ng malimit natutuhan ang mga salita sa wikang Filipino. Ayon kay Penamora (2000) ang kaisipang kolonyal sa ating mga ideya, salita at gawa ay dulot ng mahabang pananakop ng mga dayuhan sa ating bansa. Kung kaya masasabing hindi pa rin tayo ganap na malaya dahil patuloy pa rin ang pananakop ng mga dayuhan sa atin. Kung tutuusin, mas makapangyarihan pa ang ganitong uri ng pananakop dahil ito ay nasa lebel ng pag-iisip. Sinasabing ang Filipino ay liberated na barayti ng Pilipino dahil sa malaya nitong tinatanggap ang mga salitang katutubo o banyaga, dahil dito ito ay mananatiling buhay at dinamiko. (Santos at Hulana, 2008) Ayon sa pag-aaral ng Programme for International Student Assessment o PISA 2018: Pang-79 ang mga estudyanteng Pilipino sa 79 na bansa sa pag-unawa sa pagbasa, kung saan 18% lamang ng mga mag-aaral ang nakakaabot sa bahagdan para sa kahusayan. (OECD, 2019)

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ayon sa pag-aaral ng Philippine Educational Placement Test PEPT 2019: 32.5% lamang ng mga mag-aaral na kumuha ng pagsusulit ang pumasa sa grammar section. (DepEd, 2019). Ayon sa isinagawang pag-aaral ng DepEd 2017: Maraming estudyanteng Filipino ang nahihirapan sa mga sumusunod na konsepto ng gramatika: kasunduan sa paksa-pandiwa, artikulo, panahunan, pang-ukol, at bantas. (DepEd, 2017). At sa paaralan ng Kapangan National High School, may kakulangan sa kakayahan sa pagbabaybay ng wikang Filipino ang mga mag-aaral.

Ang layunin ng isinagawang pag-aaral ay matukoy at masuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang baybay ng mga salita sa wikang Filipino. At sa pamamagitan nito ay makapagbigay ng isang mungkahi at interbensyon mula sa isinasagawang pananaliksik. Dahil ang pagkakaroon ng sapat na kasanayan sa pagbabaybay ng mga salita ay maituturing na isang malaking tagumpay nito sa mga guro sa Filipino.

Batayang Teyoritikal at Konseptuwal ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay batay sa mga iba't ibang teorya sa pakatuto, partikular na sa pagkatuto ng wika at pagbabaybay. Sa kanyang sanaysay na "*The Grammar of the Human Life Process: John Dewey's New Theory Language",* sinabi ni Dewey na ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan para sa komunikasyon, kundi isang pangunahing aspeto ng proseso ng buhay ng tao. Nakikita niya ang wika bilang isang paraan ng pag-oorganisa at pagbibigay kahulugan sa ating mga karanasan, at ng pakikipag-ugnayan sa mundo sa paligid natin. (Harris 2012)

Ang teorya ni Dewey hinggil sa wika ay nagtataglay ng tatlong pangunahing prinsipyo. Una, ang wika ay hindi hiwalay sa karanasan; ito'y hindi lamang isang simpleng kasangkapan para sa pagsasalita kundi isang masusing paraan ng pag-iisip at pag-iral. Ang wika ay naglalarawan at nagbubukas ng pinto sa ating mga karanasan, nagtuturo sa atin kung paano tayo dapat mangatwiran sa ating mundo. Pangalawa, ang wika ay gumagana. Hindi ito limitado sa pagpapahayag lamang, kundi isang instrumento rin sa pagkilos. Ito'y naglalarawan ng ating kakayahan na gamitin ang wika upang magsalita, magpasiya, at kumilos. Ang wika ay nagiging daan sa pagsusulong ng solusyon sa mga suliranin at pagpapatupad ng mga hakbang para sa ating mga layunin. Pangatlo, ang wika ay sosyal. Ito ay hindi isang bagay na naka-isa sa bawat isa, kundi isang kolektibong kasanayan na natutunan natin mula sa iba. Ang wika ay isang mahalagang bahagi ng lipunan na nagbibigay daan sa pakikipag-usap at pagtutulungan.

Sa konteksto ng pagtuturo ng gramatika, ipinapakita ng teorya ni Dewey na ang gramatika ay dapat ituro nang may kahulugan sa mga mag-aaral. Ang pag-aaral nito ay dapat isagawa sa mga sitwasyon kung saan maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan sa pagpapahayag ng kanilang sariling ideya at pagresolba ng mga suliranin. Dagdag pa rito, ang pagtuturo ng gramatika ay dapat mangyari sa isang

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

konteksto ng pagsasamahan. Ang mga mag-aaral ay dapat bigyan ng pagkakataon na makipagtulungan sa iba sa mga gawain tungkol sa gramatika at sa kanilang mga proyekto. Huli, ang mga guro ay dapat magbigay ng suporta upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga bagong konsepto ng gramatika. Ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng paghati-hati ng mga konsepto ng gramatika, pagbibigay ng mga halimbawa, at pagbibigay ng feedback sa gawain ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng pagtuturo ng grammar sa paraang naaayon sa teorya ni Dewey, matutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na malinang ang mga kasanayan sa wika na kailangan nila upang maging matagumpay sa paaralan at sa buhay. Naniniwala si Piaget na natututo ang mga bata sa pamamagitan ng proseso ng asimilasyon at akomodasyon. Ang asimilasyon ay ang proseso ng pagsasama ng bagong impormasyon sa umiiral na skemata (mga balangkas ng kaisipan). Ang akomodasyon ay ang proseso ng pagbabago ng umiiral na schemata upang magkasya sa bagong impormasyon.

Ang teorya ni Piaget (1977) ay nagmumungkahi na ang mga bata ay natututo ng gramatika sa pamamagitan ng unang pag-asimilasyon ng mga bagong konsepto ng gramatika sa kanilang umiiral na skemata. Halimbawa, ang isang bata na natutong gumamit ng past tense para sa mga regular na pandiwa ay maaaring subukang gumamit ng parehong past tense na nagtatapos para sa mga hindi regular na pandiwa (hal., "Tumakbo ako sa tindahan kahapon"). Kapag naitama ang bata, kakailanganin nilang i-accommodate ang kanilang schemata upang magkasya sa bagong impormasyon (hal., "Tumakbo ako sa tindahan kahapon").

Ang isa pang mahalagang konsepto sa teorya ni Piaget ay ang zone of proximal development (ZPD). Ang ZPD ay ang hanay ng mga gawain na hindi kayang gawin ng isang bata nang nakapag-iisa ngunit maaaring gawin sa tulong ng isang mas may kaalaman. Naniniwala si Piaget na ang ZPD ay ang perpektong lugar para sa pag-aaral. Iminumungkahi ng teorya ni Piaget na matutulungan ng mga guro ang mga bata na matuto ng gramatika sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataong makipag-ugnayan sa iba pang may kaalaman, tulad ng mga magulang, guro, at mga kapantay. Ang mga guro ay maaari ding magbigay ng scaffolding upang matulungan ang mga bata na matuto ng mga bagong konsepto ng grammar.

Samantala, ang teorya ng pag-unlad ng wika ni Vygotsky (1978), na kilala rin bilang teoryang sosyokultural, ay may malaking epekto sa pagtuturo ng gramatika. Nagtalo si Vygotsky na ang wika ay isang kasangkapang panlipunan na natutunan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Naniniwala rin siya na ang wika ay kasangkapan para sa pag-iisip at paglutas ng problema. Ang teorya ni Vygotsky ay may ilang implikasyon sa pagtuturo ng gramatika. Una, iminumungkahi nito na dapat ituro ang gramatika sa isang konteksto na makabuluhan sa mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay dapat bigyan ng mga pagkakataon na

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

gumamit ng gramatika upang maipahayag ang kanilang mga iniisip at ideya, at upang malutas ang mga problema. Pangalawa, ang teorya ni Vygotsky ay nagmumungkahi na ang gramatika ay dapat ituro sa isang collaborative setting. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ay dapat bigyan ng mga pagkakataon na makipagtulungan sa iba sa mga pagsasanay sa gramatika at mga proyekto. Ikatlo, ang teorya ni Vygotsky ay nagmumungkahi na ang mga guro ay dapat magbigay ng scaffolding upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto ng mga bagong konsepto ng gramatika. Nangangahulugan ito na dapat hatiin ng mga guro ang mga konsepto ng gramatika sa mas maliliit na hakbang, magbigay ng mga halimbawa ng mga mag-aaral, at magbigay ng pidbak sa mga mag-aaral sa kanilang trabaho.

Gayumpaman, batay sa teorya ni Chomsky (1928), lahat ng tao ay may Language Acquisition Device, ang teoryang ito ay isang likas na kakayahan sa pag-iisip na nagbibigay-daan sa isang bata upang makakuha, makaunawa at lumikha ng wika. Idinagdag niya na “Everyone is born with some sort of universal grammar in their brains, basic rules which are similar across all languages”.

Sa pananaw ni Noam Chomsky, ang dahilan kaya marunong magsalita o nakabubuo na ng pangungusap ang mga bata kahit wala pang pormal na pag-aaral, iyon ay dahil likas sa kanila na matuto ng wika. Iyon din ang kanilang magsisilbing gabay sa pagbuo ng mga pangungusap sa kadahilanang may nakabaong gramatika sa kanilang isipan. Pinaniniwalaan ng mga linggwista, ito’y isang “Universal Grammar” na likas at nakaimbak sa utak ng tao, ibig sabihin nito, ipinanganak na may kakayahang magsalita at bumuo ng mga pangungusap kahit hindi tinuturuan ng mga magulang. Kung ang computer ay may motherboard na nagsisilbing utak kaya naiimbak ang lahat ng datos na tinatype ng tao, mayroon ding LAD (Language Acquisition Device) kung tawagin, na nakabaon sa bahagi ng utak mula pa nang isilang sa mundong ito. Sa paglipas ng panahon, sa walang humpay na pakikisalamuha ng tao, unti-unti nang naiimpluwensiyahan sa kanyang mga naririnig na salita. Dumarating sa puntong ginagaya na niya ang mga salitang kanyang naririnig at inilalapat sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay at hindi namamalayan na mali na pala ang ginagamit na gramatika.

May pagkalito na sa kanyang isipan sanhi ng hindi na niya matukoy ang tama. “Kung ano ang bigkas, siyang sulat at kung ano ang bigkas, siyang baybay” kaya nagkakaroon ng kamalian pagdating sa pagsulat ng sulatin. Bukod dito, ang patuloy na pagkahumaling ng kabataan sa mga makabagong teknolohiya ang isa sa mga salik kaya nakakaligtaan na ang pagsulat na isa sa mga makrong kasanayan. Ang pagte-text ay isa pang dahilan kaya mali-mali na ang paraan ng kanilang pagbabaybay.

Ayon sa libro ni Fromkin (2000). Inilalahad sa libro ang mga pangunahing konsepto at mga teorya sa pag-aaral ng wika tulad ng semantika, sintaksis, at pragmatika. Layunin na ipakita ang relasyon ng wika sa kaisipan at kahulugan ng mga

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

tao. Karaniwan, ang mga salitang may kahulugan o content words ay naglalarawan ng mga pangungusap at nagbibigay ng malalim na kahulugan. Sa Case grammar naman, binibigyan-diin ang papel ng mga kaso o case sa pag-aaral ng gramatika. Ayon kay Fillmore, ang mga kaso ay nagpapakita ng argumento o mambabanggit sa loob ng pangungusap. Ang teoryang ito ay nagbibigay-diin sa relasyon ng mga salita at ang mga kaso na kanilang kinakailangan. Ito ay naglalahad ng pangunahing konsepto at teorya sa pag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Semantika - Ang semantika ay ang sangay ng linggwistika na tumutukoy sa pag-aaral ng kahulugan ng mga salita at mga pangungusap. Ito ay naglalaman ng mga teorya at konsepto na nagsasabi kung paano natin nauunawaan at naipapahayag ang mga kahulugan ng wika.
2. Sintaksis - Ang sintaksis ay ang sangay ng linggwistika na nag-aaral ng mga patakaran at estruktura ng mga pangungusap sa isang wika. Ito ay tumutukoy sa mga pagkakasunod-sunod at pagkakaayos ng mga salita at mga bahagi ng pangungusap.
3. Pragmatika - Ang pragmatika ay ang sangay ng linggwistika na nag-aaral ng paggamit ng wika sa konkretong konteksto ng komunikasyon. Ito ay sumasaklaw sa mga pang-araw-araw na paggamit ng wika, katulad ng pagsasalita, pakikipag-usap iba pang sosyal na sitwasyon.
4. Content Words - Ang mga content words ay mga salitang may malalim na kahulugan na nagdadagdag ng pagsasaayos ng mga pangungusap. Ito ay binibigyang-diin sa aklat bilang mahalagang elemento sa pagpapahayag ng kahulugan at kaisipan.

Sa karagdagan, ang Case Grammar ay isang pang-estrukturang teorya sa gramatika na layunin ang pagsusuri sa relasyon at papel ng mga salita sa isang pangungusap. Ang teorya ay nakatuon sa pag-unawa ng mga kaso o kategorya semantika ng mga salita at kung paano sila nakikipag-ugnayan sa iba't ibang bahagi ng pangungusap. May dalawang pangunahing uri ng gramatika na binanggit sa teorya: ang Pedagohikal na Gramatika (PG) at ang Referens na Gramatika (RG).

Ang PG ay nilalayon na turuan ang sinuman na nagnanais matuto ng partikular na wika. Ito ay inaayos ayon sa kapakinabangan at kahalagahan ng organisasyon o pagkakabuo nito, at naglalayong mapadali ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay at halimbawa. Sa kabilang dako, ang RG ay naglalayong turuan ang sinuman tungkol sa wika at nagbibigay ng masusing kaalaman hinggil sa mga tiyak na detalye ng wika. Ito ay isinaayos ayon sa mga pangkalahatang kategoryang estruktural, na may mahabang kabanata, paliwanag, at maraming halimbawa. Mas maikli ito kaysa sa PG at mas nakatutok sa pangunahing pagsasanay, lalo na sa aspeto ng bokabularyo at tamang pagbigkas.

Bilang buod, ang Case Grammar ay nag-aambag sa pangkalahatang kaalaman sa gramatika at pag-aaral ng wika, at naglalarawan ng magkaibang layunin at nilalaman ng dalawang pangunahing uri ng gramatika, ang PG at RG. Sa kabuuan, sa RG ay may

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

dati nang kaalaman ang indibidwal kung paanong gamitin ang wika ngunit sa kabuuan ay hindi niya lamang alam ang kahalagahan nito sa gramatika; L 1 (first language o unang wika) na ng indibidwal ang RG na nagnanais lamang matutuhan ang ilan pa tungkol sa kaniyang wika. Halimbawa, may isang Pilipino na nagnanais mapalalim ang kaalaman sa wikang Filipino. Sa kabilang banda, ang PG naman ay para sa indibidwal na nagnanais matutuhan ang wika para sa kaniyang kapakinabangan. Halimbawa, isang Koreanong estudyante na nag-aaral ng batayang kaalaman sa Filipino (basic Filipino) upang maiagapay ang sarili sa kaniyang paligid o
ginagalawan (survival language).

Mula sa pag-aaral ni Fillmore, naitatag ang konsepto ng mga gagampanan at kaso na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa iba't ibang teoryang gramatikal tulad ng Lexical-Functional Grammar (LFG) at Functional Grammar (Fontana, 1997). Ipinapakita mula sa pag – aaral ni Gallego (2016) na ang ilang mga indikasyon ng pagbabago sa Filipino katulad ng sa ortograpiya at pagbaybay, at aspektong leksikal at estruktural ng wika. Simula 1923 hanggang kasalukuyan, masasabing maraming nadagdag at nawalang mga salita, hindi lamang sa pangngalan at pandiwa kundi pati na rin sa mga pangatnig at ilang kataga. Nagkaroon din ng estruktural na pagbabago kung saan unti-unting dumadalang ang paggamit ng ilang mga panlapi at maging partikular na porma ng pangungusap. Ang mga pagbabagong ipinapakita ay masasabing dulot ng natural na prosesong pinagdaraanan ng anumang wika (kagaya ng pagbabago ng tunog), o dala ng interaksyon ng Filipino sa ibang wika, partikular na sa wikang Ingles.

Noong Taong 2001, naglabas ang komisyon sa wikang Filipino ng mga tuntunin sa tamang pagbabaybay ng mga salita sa Filipino at ito ay nakapaloob sa ortograpiya ng wikang Pambansa. Sinasabi dito na muling magkakaroon ng rebisyon sa alpabetong Filpino upang matugunan ang patuloy na debelopment o istandardisasyon ng Sistema ng pagsulat sa Filipino. Maaaring gamitin ang mga hiram na salita anuman ang varayti o tinatawag na karaniwang salita. Ngunit Noong taong 2008, naglabas muli ang KWF ng gabay sa Ortograpiyang ng Wikang Filipino at itinakwil ang radikal na rebisyon noong 2001 at mas binigyang halaga ang status quo, bagaman ginawa ng opisyal ang ilang aspeto nito.

Ang pagsulong ng estandardisasyon at modernisasyon ng ortgrapiyang Filipino ay sinasabing may malaking ambag sa pagkamit ng layunin at mithiin sa pang-edukasyon. Tugon dito ang inilabas ng Komisyon ng Wikang Filipino na Binagong Ortograpiyang Pambansa. Layunin ng naturang ortograpiya na mailahok ang mahahalagang kaakuhan ng mga katutubong wika tungo sa estandardisadong ortograpiyang Filipino na maaaring gamitin sa lahat ng wika sa Pilipinas (Almario, 2014). Ang mga teoryang ito ay aming gagamitin upang mataya ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay ng wika ng mga salita. Makakatulong ang iba't ibang teoryang ito upang mapag-alaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Kaugnay na Literatura

Wikang Filipino sa Larangan ng Pagsulat. Ito ay tumutukoy sa kung ano ang tamang pagbaybay at wastong gramatikang Wikang Filipino sa Larangan ng Pagsulat. Batay sa pag –aaral na ginagawa ni Ignacio (2008) "Teaching Writing to Fourth Year High School Students" na naipamalas na ang process approach ay nakatulong upang malinang ang kanilang kasanayan sa pagsulat.

Wikang Filipino

Sa piling bahagi ng sanaysay ng pambansang alagad ng sining para sa Literatura na si Bienvenido Lumbera (2008) ipinahayag niya na parang hininga ang wika, sa bawat sandal ng buhay natin ay nariyan ito. Patatandaan ito na buhay tayo, at may kakayahang umugnay sa kapuwa nating gumagamit din nito. Sa bawat pangangailangan natin, kung nagugutom, humingi ng pagkain, kung nasugatan, humaharap ng kausap na nakapapawi sa kalungkutan.

Pagbabaybay

Kinakailangan na paghandaan ang anumang pagbabagong magaganap sa wika, dulot ng pagbabagong ito ang mga suliranin sa Pagbabaybay sa ortograpiya at gramatika (Bautista 2008). Ayon kay Olson sa aklat nina Austero, et. Al. (2012) lohika ang tunguhin ngpagsulat kung kaya dahil sa pagsulat, naipapahayag at naipakikilala ng tao ang sariling talino, husay, kakayahan at karunungan. Sa gawaing ito naeeksamin ang nilalaman ng isinulat at nakikilala ang karamihan. Sa pagsulat nangangailangan ito ng ibayong pag-iingat, dahil dito nakikilala ang kababawan o kalalaliman ng diwa ng paksang tinalakay. Sa aklat nina Marquez, et, al (2010), ang pagsulat ay kung gaano kabisa at kasensitibong makabuo ng mga pahayag ang isang mag-aaral upang ang makababasa nito ay naganyak mag-isip, kumilos at magsuri, sa kalagayang ito, ang angkop ang paggamit ng cellphone, ang makabagong teknolohiyang ito dahil kahit sa kaunting bagay ay may maiaambag na kabutihan sa ipinahayag.

Kaugnay na Pag-aaral

Sinabi ni Phil Bartle salin ni Myla Burke (2008), Ang kahulugan ng pag–aaral ng pagbasa at pagsulat ay ang pag–aaral kung paano kilalalnin ang nakatitik, paano partisan ito, at paano iugnay ito sa mga salita at pahayag na ating naririnig. Bukod dito, nakaparaming pagpipiliang mga titik o letrang maaaring pag–aaralan. Maaari natin ipagpatuloy ang pag–aaral dito habang tayo at nabubuhay. Ang mga titik o letrang ito ay nakagrupo sa bukabularyo, pagbaybay, gramatika at iba pang kaurian. Ang pangunahing kaugnay na pag–aaral ng kasalukuyang pananaliksik, kanilang pinag–aralan ang mga pagbabagong dulot ng 2001. Rebisyon ng alpabetong Filipino. Isa na sa mga pagbabagong ito ay ang modernong ispeling ng mga salita sa Filipino nakinakalangkapan ng walong dagdag na letra. (Balucaet al. 2009)

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Paradim ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa disensyo ng kwasi-eksperimental at deskriptibo. Susuriin sa pag-aaral na ito ang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong baybay ng mga salita sa wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay kwantatibo para makamit ang mas malalim na pagkakaunawa kung ano antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino. Ginamit rin sa pag –
aaral ang metodo ng kwasi-eksperimental kung saan ay hinati sa pangkat na kontrol at eksperimental na pangkat ang mga mag-aaral at nagbigay ng *pretest* at *posttest* sa dalawang grupo matapos ang interbensyon sa pangkat ng eksperimental.

Ang huwaran ng pag-aaral ay ukol sa laman ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay.

Ang unang kahon sa talalarawang input ng bata ng pag-aaral.

Ang ikalawang kahon sa talalarawan ay tumutukoy sa mga proseso/isinagawa sa pag-aaral na naglalaman ng mga hakbang na ginamit upang malaman ang kasagutan sa mga suliranin ng pag-aaral. Ito ay nakatuon sa paggamit ng deskriptibo na pamamaraan ng pananaliksik, istatistikang pagtrato ng datos, naglalarawang pagsisiyasat na pamamaraan, paghahambing ng mga resulta ng pagsusulit at pagsusuri at interpretasyon. Ang ikatlong kahon ay talalarawan ng awtput ng mga binuong pagsasanay sa wastong interbensyon sa pagbabaybay, upang umangat ang lebel ng kasanayan sa pagbabaybay ng mag-aaral.



Talalarawan 1 Paradim ng Pag-aaral

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pananaliksik na ito ay maglayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng pangkat ng kontrol sa wastong pagbabaybay batay sa kanilang *pretest* at *posttest*?
2. Ano ang antas ng kasanayan ng eksperimental na pangkat sa wastong pagbabaybay batay sa kanilang *pretest* at *posttest*?
3. Ano ang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay ng pangkat ng kontrol at matapos ang interbensyon ng pangkat ng eksperimental batay sa kanilang *pretest* at *posttest.*

Mga Pala-palagay

Mula sa mga katanungang nabanggit sa itaas, ang mga susumusunod na pagpapalagay ng pag-aaral ay ibinatay sa resulta ng mga nalikom na datos.

1. May pagkaka-iba sa kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbabaybay.
2. May iba't ibang pamamaraan ang bawat mag-aaral sa pagbabaybay.

DISENYO AT PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Tutukuyin sa kabanatang ito ang disenyo ng pag-aaral, populasyon at lokasyon ng pag-aaral, instrumento at paraan sa pangongolekta ng mga datos at ang pagtrato sa mga datos.

Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibo na pamamaraan at ang disenyo ay kwasi-eksperimental na paraan, ginamit ang *pretest* at *posttest* upang makalap ang mga impormayon o datos na kinakailangan.

Lokasyon at Populasyon ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa paaralan ng Kapangan National High School, Kapangan, Benguet, sapagkat madali rito para sa mananaliksik ang paglikom ng datos. Ang tagatugon ay binuo ng apatnapu (40) na mag-aaral na nasa dalawang seksyon. Mula sa dalawang seksyon, ang seksyon ng 8-Dagi ang napiling pangkat ng kontrol at ang seksyon ng 8-Lagba ang napiling eksperimental na pangkat.

Talahanayan 1: Distribusyon ng mg Tagatugon

Seksiyon	Bilang ng mgga Mag-aaral
8 - Dagi	20
8 - Lagba	20
Kabuuan	40

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Instrumento sa Pangongolekta ng Datos

Ang ginamit na instrumento ng mga mananaliksik sa pagkalap ng mga kinakailangang datos sa pag-aaral ay pagbigay ng isang pagsusulit para sa *pretest* at *posttest*. Ito ay binuo ng 40 na aytem na nakatuon sa pagbabaybay. At ang mga makakalap na datos at impormasyon mula sa *pretest* at *posttest* ay ginamit ng mananaliksik sa pagbibigay interpretasyon at gabay sa karagdagang result mula sa ipinasagot na talatanungan.

Pre-test Post-Test

Ang mga mananaliksik ay gumawa ng mga *pretest* at *posttest* na siyang ginamit para masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral ng ikawalong baitang bago at pagkatapos maisagawa ang mga iba't ibang mga interbasyon sa wastong pagbabaybay.

Pagbuo at Pagpapatibay ng Kagamitan

Sa pagbuo ng pagsusulit, ang mananaliksik ay sumangguni sa iba-ibang pananaliksik na may kinalaman sa pag-aaral na ito. Humingi ng payo sa mga kasamahang bihasa sa pananaliksik, kung ano ang dapat ilagay sa binuong pagsusulit. Nagsaliksik din sa mga silid-aklatan at internet sa mahusay na tanong. Matapos na makabuo ay ipinawasto sa mga eksperto para sa komento o anumang kailangang gawin bago ipasagot sa mga tagatugon.

Relayabilti at Validiti

Isinagawa ang pagpapatibay sa *pretest* at *postest* sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-sasaayos ng mga aytem. Ang ginamit na kagamitan sa pagtatasa sa mag-aaral ay ang mga pagtataya ng pagbabaybay mula sa kanilang batayang aklat noong nakaraang baitang na hindi pa nila nahasa, samakatuwid ito ay maasahan at mabisa kahit hindi na nagsagawa ng pagsubok.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos sa pamamaraang pagsusulit, humingi ang mananaliksik ng liham pahintulot sa punong-guro at isinagawa ang pamamahagi ng *pretest.* Ito ay isinagawa bago ang mga interbensyon at mga estratehiya sa pagbababay. Ang guro ay nagbigay ng mga iba't ibang gawain sa eksperimental na pangkat. Ang mga gawaing ito ay ibinatay sa mga kahirapan sa pagbabaybay kung saan nakakuha ang mga mag-aaral ng mababang iskor.

Pagkatapos na maisagawa ang mga interbensyon at mga estratehiya sa wastong pagbabaybay sa loob ng dalawang buwan, ipinasagot ang *posttest* sa dalawang seksyon. Ang mga nakuhang kinalabasan ay pinag-aralan at sinuri kung mayroong epekto ang mga estratehiya sa pagtaas ng antas ng kasanayan sa wastong

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

pagbabaybay. Ang mga resulta sa pagsusulit ay maingat na itinala at bibigyan ng interpretasyon. Matapos masagutan ay kinuha ng mga mananaliksik ang mga talatanungan at nilikom para sa isinagwang pagtatally.

Pagtrato ng Datos

Upang makalap ang mga kinakaliangang datos sa pananaliksik, ginamit ang *paired t-test* at pagraranggo upang maipakita ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay. Ipinasagot ang pretest at *posttest* sa pamamagitan ng papel at bolpen. Nang makuha lahat ng mga talatanungan, ang mga iskor at data ay itinala at inanalisa.

Ang pananaliksik ay gumamit ng sumusunod na kagamitang istatistika. Ang *frequency* ay ginamit para mauri ang mga baryabol at ang *weighted mean* ay kinalkula sa pamamagitan ng sumusunod na pormula:

$$WM = \frac{\Sigma fn}{N}$$

Kung saan:

WM = Weighted Mean
Σ = Summation
F = frequency
n = nominal value

Para matukoy ang pagtaas sa antas ng kasanayan sa pagbabaybay sa *posttest* mula sa *pretest,* ginamit ang paired t test. Upang maayos na mabigyang-kahulugan ang nakuhang mga datos sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa *pretest* at *posttest*; ang 5-point scale ay ginamit:

Halaga ng Bilang	Limit ng Istatistik	Deskripsiyon	Simbolo
5	4.21 – 5.00	Napakagaling	NG
4	3.41 – 4.20	Magaling	MG
3	2.61 – 3.40	Marunong	M
2	1.81 – 2.60	Papaunlad	P
1	1.00 – 1.80	Nagsisimula	N

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Etikal na Konsiderasyon

Bago ang isasagawang pag-aaral, ang mananaliksik ay dumaan sa mga pamamaraan upang tiyakin ang etikal na konsiderasyon sa pagsasagawa ng pananaliksik, tiniyak muna ng mga mananaliksik na masang-ayunan o pahintulutan ang liham pahintulot na mamahala sa pagsusulit bago isagawa ang pag-aaral. Isang liham ang inilakip bilang kasangkapan sa pananaliksik na ipapamahagi sa mga tagatugon, kabilang ang mga paksa. Una, ang pagkakakilanlan ng tagatugon ay hindi maihayag sa kasalukuyang pag-aaral bilang pagsunod sa itinakda ng Batas sa Pagkalihim ng mga Datos. Pangalawa, tiniyak na ang mga impormasyong ibibigay ng tagatugon ay dapat tratuhin nang buong kompidensiyal at para sa pagsukat lamang ng pagiging epektibo ng pagsasanay. Pangatlo, sa pagtugon sa mga talatanungan o instrumentong ginamit, nangangahulugan ito ng pagsang-ayon na makikilahok sa pag-aaral bilang tagatugon. Panghuli, ang mga tugon sa talatanungan ay ipapakita ang kabuuan at hindi bilang isang indibidwal na mga tugon. Ikatlo, tiniyak ng mananaliksik na ipinaliwanag nang maayos ang layunin at kahalagahan ng pananaliksik at lahat ng hiram na mga kagamitan mula sa iba't ibang pinagkuhanan ay maayos na binanggit at kinilala. Ang mga datos na nakuha ay gagamitin lamang sa akademikong pagtamo ng katotohanan ukol sa isang pamamaraan ng pagtuturo at mabisang pagkatuto.

Hindi rin nakaigtaan ng mananaliksik na ipahayag ang kanyang karapatan sa pag-urong mula sa pagsasagawa ng pag-aaral sa sandalling lumitaw na reklamo o kompidensyal na problema mula sa tagatugon at ibang tao na may kaugnayan sa pag-aaral na ito. Ang mananaliksik ay walang pinaningan sa naging resulta ng pag-aaral na ito.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang bahaging ito ng pananalikisik ay ukol sa paglalahad ng kinalabasan at pagbibigay ng interpretasyon sa mga datos na nakalap, ginamit ang proseso at binigyang kahulugan upang tugunan ang mga suliraning nailahad. Ipinapakita ng bahaging ito ang pagtukoy sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Wastong Pagbabaybay sa Kapangan National High School. Ang mga mag-aaral ang mga tagatugon na binubuo ng apatnapu.

TALAHANAYAN 1

Antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay ng mga mag-aaral sa grade 8 mula sa pangkat ng kontrol batay sa resulta ng kanilang *pretest* at *posttest* na pagsusulit.

N = 20 Mga Kahirapan sa Pagbabaybay	*Pretest*		*Posttest*		Pagka - kaiba	Ranggo
	WM	D	WM	D		
Palitang E/I	2.60	P	3.25	M	0.65	2

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Palitang O/U	2.75	M	2.8	M	0.05	7
Paggamit ng Gitling	2.40	P	2.55	N	0.15	6
Kambal-katinig	2.75	M	3.35	M	0.60	3
Pagdadagdag at Pagkakaltas	3.05	M	3.1	M	0.05	7
Salitang Hiram (Ingles)	1.80	N	2.55	P	0.75	1
Salitang Hiram (Espanyol)	2.50	P	2.75	M	0.25	4
Salitang Hiram (Iba pang Wika)	2.90	M	3.15	M	0.25	4
KABUUAN	20.75	P	23.5	M	2.75	
AWM	2.594	P	2.938	M		

t_{comp} = 3.4617
Kritikal na Halaga $_{0.05}$, 7df = 2.365
Resulta: Makabuluhang Pagkakaiba
Desisyon: Di-tanggap ang Walang Bisang Palagay

Ang nakuhang iskor ng pangkat ng kontrol sa kanilang *pretest* at *posttest* ay pinagkumpara sa talahanayan na ito. Ginamit ang paired t – test upang malaman kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa kanilang iskor kahit walang interbensyon na ginawa sa pangkat ng control ang lumabas na t computed ay may halaga na 3.4617 na mas mataas sa kritikal na halaga na 2.365 sa 5 porsiyentong antas ng kahalagahan at 7 na malayang bahagi ng pagsusuri. Kung kaya, ang desisyon ay hindi tinanggap ang *null hypothesis*. Dahil sa higit na mataas ang t computed kaysa sa kritikal na halaga, may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa wastong pagbabay ang mga mag-aaral kahit walang interbensyon na gagawain. Isinasaad ng resulta na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay mula sa pangkat ng kontrol.

Makikita rin sa talahanayan na una sa ranggo ng pagtaas ng kanilang kakayahan sa kanilang pagbabaybay ay sa aspekto ng mga salitang hiram sa wikang Ingles na mayroong pagkakaiba sa sample ng 0.75 sa kanilang mean. Ipinapahiwatig nito na tumaas ang kanilang kaalaman sa pagbabaybay ng mga salita na hiram mula sa wikang Ingles. Pumapangalawa rito ang mga salitang mayroong letrang “e” o “i” na mayroong pagkakaiba sa kanilang mean ng 0.65. Pangatlo naman ang mga salitang mayroong kambal-katinig na mayroong pagkakaiba sa kanilang mean ng 0.60. Parehas naman na nasa pang-apat na pagraranggo ang salitang hiram mula sa Espanyol at iba pang wika na mayroong pagkakaiba sa kanilang mean ng 0.25. Pang-anim sa ranggo ang paggamit ng gitling na may 0.15 na pagkakaiba sa mean at panghuli ang pagdadagdag at pagkakaltas ng mga letra at palitang “o” at “u” na mayroong 0.05 na pagkakaiba sa mean.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Mahihinuha sa talahanayan na ang *average weighted mean* ng pangkat ng kontrol sa lahat ng kahirapan sa pagbabaybay ay 2.594 na may deskripsyon na “Papaunlad” sa kanilang *pretest* at 2.938 na may deskripsyon na “Marunong” sa kanilang *posttest*. Makikita sa *average weighted mean* at deskripsyon nito na marunong ang pangkat ng kontrol sa kasanayan ng wastong pagbabaybay sa kanilang *pretest* at *posttest* ngunit nangangailangan parin ng pagtuturo upang maas mapataas pa ang kanilang kasanayan dito.

Ayon kay Buendia (2019), ang wastong pagbabaybay ng mga salita ay isang pamamaraan upang makabuo ng isang wastong pangungusap na gagamitin sa kanilang pagsulat ng isang talata at sa kalaunan nang isang kuwento gamit ang ating sariling wika. Ang pagbuo ng maayos at epektibong pagsulat ay isang kasanayang pangwika na mahalaga para sa komunikasyon at pagpapahayag ng ideya. Ito ay isa sa makrong kasanayan na kinakailangan ng mga mag-aaral upang maipahayag ng maayos ang kanilang damdamin, saloobin at kaalaman. Napakahalaga ng pagbabaybay sa pagsusulat upang mailahad nang maayos ang iyong ninanais, pananaw o kaisipan. Sa pag-aaral na ginawa ni Misa (2021), lumabas na mayroong mababang antas ng kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsulat. Ito ay nagpapatunay na kinakakailangan na magkaroon ng mataas na antas ng kasanayan sa pagbabaybay para makapagsulat ng maayos.

Ang nakuhang iskor ng mga eksperimental na pangkat sa kanilang *pretest* at *posttest* ay pinagkumpara sa talahanayan na ito. Ginamit ang paired t – test upang malaman kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagkatapos na magawa ang mga interbensyon sa kanilang antas ng kasanayan sa pagbabaybay.

Ang lumabas na t computed ay may halaga na 12.5833 na mas mataas sa kritikal na halaga na 2.365 sa 5 porsiyentong antas ng kahalagahan at 7 na malayang bahagi ng pagsusuri. Kung kaya, ang desisyon ay hindi tinanggap ang *null hypothesis*. Dahil sa higit na mataas ang t computed kaysa sa kritikal na halaga, may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa wastong pagbabaybay ang mga mag-aaral matapos ang mga nagawang interbensyon. Isinasaad ng resulta na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng sa wastong pagbabaybay mula sa pangkat ng eksperimental.

Makikita sa talahanayan na una sa ranggo ng pagkakaiba ng mean *posttest* at *pretest* ay ang kambal-katinig na mayroong 2.15 na pagkakaiba. Pumapangalawa ang mga salitang hiram mula sa Ingles na mayroong 2 na pagkakaiba. Pangatlo ang mga salitang hiram mula sa ibang wika na mayroong 1.95 na pagkakaiba. Pang-apat ang mga salitang mayroong “e” at “i” na mayroong 1.8 na pagkakaiba. Panglima ang salitang mayroong “o” at “u” na mayroong pagkakaiba na 1.8. Pang-anim ang paggamit ng gitling sa mga salita na mayroong 1.6 na pagkakaiba. Pangpito ang pagdadagdag at pagkakalatas ng mga letra na mayroong 1.25 na pagkakaiba at panghuli ang mga salitang hiram sa espanyol na mayroong pagkakaiba na 1.05 sa mean.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

TALAHANAYAN 2

Antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay ng mga mag-aaral sa grade 8 mula sa eksperimental na pangkat batay sa resulta ng kanilang *pretes*t at *posttest* na pagsusulit.

Mga Kahirapan sa Pagbabaybay	*Pretest*		*Posttest*		Pagka - kaiba	Pagra-ranggo
	WM	D	WM	D		
Palitang E/I	2.65	M	4.45	NG	1.8	4
Palitang O/U	2.5	P	4.15	M	1.65	5
Paggamit ng Gitling	2.5	P	4.1	M	1.6	6
Kambal-katinig	2.5	P	4.65	NG	2.15	1
Pagdadagdag at Pagkakaltas	3.3	M	4.55	NG	1.25	7
Salitang Hiram (Ingles)	2.35	P	4.35	NG	2	2
Salitang Hiram (Espanyol)	3	M	4.05	M	1.05	8
Salitang Hiram (Iba pang Wika)	2.45	P	4.4	NG	1.95	3
KABUUAN	**21.25**	**M**	**34.7**	**NG**	**13.45**	
AWM	**2.656**	**M**	**4.338**	**NG**		

N = 20

t_{comp} = 12.5833

Kritikal na Halaga $_{0.05}$, 7df = 2.365

Resulta: Lubhang Makabuluhang Pagkakaiba

Desisyon: Di-tanggap ang Walang Bisang Palagay

Ipinapakita sa talahanayan na ang *average weighted mean* ng eksperimental na pangkat sa lahat ng kahirapan sa pagbabay ay 2.656 na may deskripsyon na “Marunong” sa kanilang *pretest* at 4.338 na may deskripsyon na “Napakagaling” sa kanilang *posttest.* Dahil sa resultang ito mula sa *posttest,* mahihinuha na ang paggamit ng interbensyon at estratehiya katulad ng pagpapaliwanag sa mga tuntunin sa pagbabaybay sa wikang Filipino, paggamit ng mga laro at puzzles at pagsagot ng mga pagsasanay ay nakatulong ng malaki upang tumaas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay.

Ang guro ay nagbigay ng mga estratehiya at mga gawain sa eksperimental na pangkat. Ang mga gawain ay batay narin sa mga nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa kanilang *pretest*. Mayroong itong iba’t ibang antas na makatutugon sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ayon kay Buendia (2019), malaki ang maitutulong sa mga bata kung sa simula pa lamang ay alam na nila ang tamang tuntunin sa pagbabaybay o ang Ortograpiyang Pambansa. Ang kaalaman ng mga bata sa tamang tuntunin sa pagbabaybay ay nagiging pundasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat at pagsasalin ng mga salita lalong lalo na sa mga salitang hiram mula sa wikang Ingles. Mas maiintindihan din nila ang kanilang isinusulat at makakagamit sila ng mga angkop na mga salita sa halip na manghihiram ng mga salita sa ibang wika. Ang pagiging marunong ng mga bata sa mga pundasyon sa pagbabaybay ay nagbibigay ng

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
MC KINLEY P. AGTA *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 238-257
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

positibong epekto sa pagsusulat, komunikasyon at pangkalahatang pag-unlad ng mga bata.Ang paggamit ng mga laro sa pagtuturo ay isa sa mga pinaka-epektibong paraan upang makuha ang kanilang mga atensiyon. Batay sa pag-aaral na ginawa ni Baroa (2023), mahusay at epektibo ang paggamit ng mga laro at puzzle sa pagpapahusay sa kasanayan ng pagbabaybay. Mas nahihikayat din ang mga bata na maging aktibo sa kanilang pag-aaral. Base sa mga pag-aaral ang pagsasanay o *drills* ay isang estratehiya na epektibo sa pagtuturo at pagkatuto kaysa sa mga tradisyonal na metodo (Rathakrishnan, 2017). Ang mga patuloy na pagsasagawa ng mga mag-aaral ng mga pagsasanay upang matuto sa pagbabaybay. Ang mga estratehiyang nagamit at ang resulta ng *pretest* at *posttest* ng mga mag-aaral ay nagpapakita na epektibo ang mga estratehiya na nagamit.

TALAHANAYAN 3
Paghahambing sa Pangkat ng Kontrol at Eksperimental na Pangkat hinggil sa kanilang Antas ng Kasanayan sa Pagbabaybay

Statistical Bases	Eksperimental na Pangkat	Pangkat ng Kontrol
Level of Significance	5%	5%
Degrees of Freedom	7	7
Critical t-value	2.365	2.365
t-test Value	12.5833	3.4617
Decision H_0	Di-tanggap	Di-tanggap
Konklusyon	Lubhang Makabuluhang Pagkakaiba	Makabuluhang Pagkakaiba

Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang paghahambing sa antas ng kasanayan sa pagbabaybay. Makikita sa talahanayan na ang t computed ng eksperimental na pangkat ay 12.5833. Ito ay mas mataas sa *critical value* na 2.365 ayon sa 5 porsiyentong antas ng kahalagahan at 7 na malayang bahagi ng pagsusuri na. Ibig sabihin ay hindi tanggap ang *null hypothesis.* Samantala, sa pangkat ng control ay mayroong 3.4617 na t computed. Ito rin ay mas mataas sa *critical value na* 2.365 ayon sa 5 porsiyentong antas ng kahalagahan at 7 na malayang bahagi ng pagsusuri na. Ibig sabihin din nito na di-tanggap ang *null hypothesis*. Kung kaya ang *pretest* at *posttest* ng mga pangkat ng control at eksperimental ay may mahalagang pagkakaiba.

Batay sa resulta, tumaas ang kasanayan ng pangkat ng kontrol at eksperimental sa wastong pagbabaybay. Ngunit, mapapansin na mas tumaas ang kasanayan ng eksperimental na pangkat kung ihahambing sa pangkat ng kontrol. Ang ipinapahiwatig nito ay ang paggamit ng mga estratehiya katulad ng mga laro at puzzle, malinaw na tuntunin sa pagbabaybay at mga pagsasanay ay nakatulong upang mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Sa pagtuturo, kinakailangan ng mga magkakaiba at mga makabagong mga estratehiya para matuto ang mga mag-aaral, makuha ang kanilang mga atensiyon at mapadali ang pagkatuto. Ayon kay Gloria (2021), mayroong tatlong benepisyo ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo: 1) makuha ang atensiyon ng mga magaaral; 2) makahikayat sa mga mag-aaral; at 3) naibibigay ang mga kinakailangang matutuhan ng mga mag-aaral. Nagpapahiwatig ito na sa mga iba't ibang kasanayan ay kailangan na gumamit ng guro ng mga angkop na estratehiya. Magkakaiba ang mga mag-aaral at nagbabago rin ang kanilang mga interes kaya kailangan na mag-isip ang guro ng ibang mga estratehiya na tutugon sa kanilang kinakailangan. Batay sa naging resulta ng pananaliksik, maaaring gamitin ng mga guro ang mga interbensyon at mga estratehiya upang mas mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Matapos ang masusing pagbibigay kahulugan at pagtalakay sa mga nalikom na impormasyon at datos ng pag-aaral, inilahad sa kabanatang ito ang mga konklusyon at rekomendasyong napagtanto sa pag-aaral.

Konklusyon

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konlusyon ay nabuo.

1. Ang antas ng kasanayan ng pangkat ng kontrol sa wastong pagbabaybay ay mayroong pag-unlad ngunit nasa mababang antas parin ang kasanayan.
2. May lubhang makabuluhang pagkakaiba sa bisa ng paggamit ng mga estratehiya sa malaking pag-unlad ng antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay ng pangkat ng eksperimento, kaya naman pag-ibayuhin ang paggamit ng estratehiya ng paglalahad ng mga tuntunin, paggamit ng laro at puzzle at mga pagsasanay sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay.
3. Ang pangkat ng kontrol at eksperimental ay nagkaroon ng pagtaas ng antas ng kasanayan sa wastong pagbabaybay ngunit batay sa mga resulta, mas tumaas tungo sa napakagaling ang kasanayan ng pangkat eksperimental dahil sa paggamit ng mga estratehiya at interbensyon.

Rekomendasyon

Batay sa konklusyon, napagtanto mula sa pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iniharap:

1. Ang patuloy na pagsasagawa ng mga *pretest* at *posttest* ay isinusulong na gawin ng mga guro upang malaman kung epektibo ang mga estratehiya o interbensyon na ginagawa ng mga guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

2. Ang mga guro ay hinihikayat na gamitin ang mga estratehiya na paglalahad sa mga tuntunin sa pagbabaybay, paggamit ng mga laro at pagsasanay upang mapaunlad ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbabaybay.
3. Ang mga guro ay hinihikayat na magsagawa pa ng mga pananaliksik sa mga estratehiya sa pananaliksik katulad ng mga paggamit ng mga teknolohiya at social media upang mas mapataas pa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong pagbabay.

Talasanggunian

[1] Base, A. P., Guzman, A. M. D., Killa, M. T., Lumbiag, J. R., Lunag, J. L., Pascaden, P. B., & Sebullen, M. T. SALIK SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ELEMENTARYA: ISANG PAGSUSURI SA LUNGSOD NG BAGUIO. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 9–18. https://doi.org/10.47760/COGNIZANCE.2023.V03I11.002

[2] Kidlo, R. B., Winnie, P. S., Orowan, N. N., Orie, B. M., Tubao, L. C., & Sebullen, M. T. (2023). Evaluating DEAR and BAG-IW for elementary grade learners' reading comprehension: An action research. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(11), 246-258. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.017

[3] Badayos, P. B. (2016). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Panitikan: Mga Teorya, Simulain at Estratehiya. Pateros, Metro Manila: Grandbooks Publishing Inc.,2016.

[4] Yazon, A. D. (2020). Statistics: A guide for Researchers and Thesis Writers. 117 Tandang Sora, Quezon City:Wiseman's Books Trading Inc.

[5] Jocson, S. D et al. (2019). Bukal ng Lahi: Serye sa Filipino. Hilltop Greater Largo, Novaliches Quezon City:Brilliant Creations Publishing Inc.

[6] Tabangcura, R.M. (2016). Pagtuturo at Pagtataya sa Pagbasa at Pagsulat. Malabon City: Jimczyville Publications

[7] Baroa, A. W. (2023). Enhancing the Spelling Ability if Learners through Games and Puzzles: Baguio Central University

[8] Gloria, Aldrine. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate: https://www.researchgate.net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

[9] Manalus, Meliza. (2021). Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate: https://www.researchgate.net/publication/356962587_Kahalagahan_ng_Apat_na_Makrong_Kasanayan_sa_Pagkatuto_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

[10] Buendia, A. (2019, January 18). Ortograpiyang Pambansa: Pagpapayaman ng Kakayahan Sa Pagbaybay ng mga Mag-Aaral SA Baitang 6 sa Rosario West Central School. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts: https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8977

[11] Rathakrishnan, Mohan. (2017). THE EFFECTIVENESS OF DRILL AND TRAINING METHODS IN SCIENCE SUBJECT AMONG FORM ONE STUDENTS. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/321034830_THE_EFFECTIVENESS_OF_DRILL_AND_TRAINING_METHODS_IN_SCIENCE_SUBJECT_AMONG_FORM_ONE_STUDENTS

[12] Harris, F. (2012, May). The Grammar of the Human Life Process: John Dewey's new theory of language, Educational Philosophy and Theory, 44:sup1, 18-30, DOI: 10.1111/j.1469-5812.2011.00744.x

[13] Misa, R. (2021). Kakayahan sa Panggramtikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Reseach. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf

[14] Fromkin, V. A. (ed.) 2000. Linguistics: An introduction to linguistic theory. Malden, MA: Blackwell Publishers, Inc. https://www.linguisticsociety.org/content/month-%C2%A0-linguistics-history-tribute-victoria-fromkin

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

[15] Department of Education: Freedom of Information (2019) https://www.foi.gov.ph/requests/aglzfmVmb2ktcGhyHwsSB0NvbnRlbnQiEkRlcEVkLTAwNTUyNTgzMzQzNQw
[16] Ciriaco, C. (2019) DepEd Vows to Improve Quality Education After PISA Result https://businessmirror.com.ph/2019/12/06/deped-vows-to-improve-quality-of-education-after
[17] Buendia, A. (2019, January 18). Ortograpiyang Pambansa: Pagpapayaman ng Kakayahan Sa Pagbaybay ng mga Mag-Aaral SA Baitang 6 sa Rosario West Central School. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8977
[18] Nordquist, R. (2020) Glossary of Grammatical and Rhetorical Terms https://www.thoughtco.com/case-grammar-linguistic-theory-1689744
[19] Palmaria, R. (2017) Loanwords sa Text Messages at Facebook Post Tungo sa Pagpapaunlad ng Morpolohiya sa Akademikong Wikang Filipino https://libtong.wordpress.com/author/ronilo/
[20] The Teachers Craft (2020) Pagbabaybay PDF https://www.theteacherscraft.com/2020/04/pagbabaybay-pdf.html
[21] DepEd (2013) Ortograpiyang Pambansa https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2013/08/DO_s2013_034.pdf
[22] Komisyon sa Wikang Filipino (2010) Ortograpiyang Filipino https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/Ortograpiyang_Pambansa_1.pdf
[23] Belonta, M. (2019) Gabay sa Ortograpiyang Filipino https://www.scribd.com/presentation/404552319/Gabay-Sa-Ortograpiya-Ng-Wikang-Filipino-2009
[24] Wix Matatalinghagang Pinoy (2017) Pagbaybay https://matalinhaga72.wixsite.com/matalinhagang-pinoy/pagbaybay

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved